8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Harold M. Bumanglag

**Tagasuri:** Amabel T. Siason

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtugon ng mga mamamayan sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman *(endangered species).* |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong pagtugon ng mamamayan sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman (*endangered species*) upang malinang ang paggalang sa buhay. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nakapagsasanay sa paggalang sa buhay sa pamamagitan ng panghihikayat sa kapuwa ng wastong pag-iingat sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman *(endangered species)*<br>a. Nakakikilala ng mga wastong pagtugon ng mga mamamayan sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman *(endangered species).*<br>b. Nahihinuha na ang pagtugon ng mga mamamayan sa pangangalaga sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman (*endangered species)* ay pagtiyak ng kaligtasan at pagpapanatili ng balanse ng kalikasan.<br>c. Naisasakilos ang mga wastong pagtugon ng mamamayan sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman *(endangered species).* |
| **C. Lilinanging Pagpapahalaga (values to be developed)** | ***Paggalang sa Buhay***<br>***(Respect for Life)*** |
| **D. Nilalaman** | Pagtugon ng mga Mamamayan sa mga Nanganganib na Maubos na Hayop at Halaman *(Endangered Species)* |
| **E. Integrasyon** | *Republic Act 9147: An act Providing for the Conservation and Protection of Wildlife Resources and their Habitat* |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|


Conservation International. (n.d.). *Protecting biodiversity in the Philippines*. https://www.conservation.org/philippines/projects/protecting-biodiversity-in-the-philippines

Endangered Species Coalition. (2020, October 2). *10 easy things you can do to save endangered species*. https://www.endangered.org/10-easy-things-you-can-do-to-save-endangered-species/

FutureLearn. (2022, January 21). *Endangered species in the Philippines - causes and conservation - FutureLearn*. https://www.futurelearn.com/info/futurelearn-international/endangered-species-philippines

Kittelberger, K. D., Neate-Clegg, m. H., Blount, J. D., Posa, M. C., McLaughin, J., & Şekercioğlu, C. H. (2021). Biological Correlates of Extinction Risk in Resident Philippine Avifauna. *Frontiers in Ecology and Evolution*, *9*(2021). https://doi.org/10.3389/fevo.2021.664764

Mabuwaya Foundation. (n.d.). Mabuwaya. https://www.mabuwaya.org/

Masungi Georeserve. (n.d.). https://masungigeoreserve.com/

Philippine Eagle Foundation. (n.d.). PEF. https://www.philippineeaglefoundation.org/

Punsalan, T. G., Caberio, S. T., Nicolas, M. D. & Reyes, W.S. (2019). Pananagutan sa Kalikasan at Kapaligiran. In *Paano Magpakatao 10* (1st ed., pp. 270, 275, 278-282). REX Bookstore.



*Republic Act No. 9147 | GOVPH*. (2001, July 30). Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/2001/07/30/republic-act-no-9417/

Secretariat of the Convention on Biological Diversity. (n.d.). *Mts. iglit-baco National Park - The refuge of the Tamaraw | ASEAN clearing house mechanism*. Latest news and updates | ASEAN Clearing House Mechanism. https://asean.chm-cbd.net/mts-iglit-baco-national-park-refuge-tamaraw

SolarNRG Marketing Team. (2023, November 21). *5 environmental organizations in the Philippines*. SolarNRG. https://solarnrg.ph/blog/5-environmental-organizations-philippines/

Sulahian, W., & McParland, M. (2017, June 17). *The importance of habitat*. Pennsylvania Horticultural Society. https://phsonline.org/for-gardeners/gardeners-blog/the-importance-of-habitat


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>Sa nakaraang aralin ay tinalakay sa klase ang kahalagahan ng pagiging bukas-palad bilang salamin ng pananampalataya at mga paraan sa pagsasabuhay nito bilang pagtugon sa tungkuling ibahagi ang mga kaloob ng Diyos. | |


| | | |
|---|---|---|
| | Magbigay ng tatlong mahalagang bagay na iyong natutuhan at paano mo ito isinasabuhay.<br><br>**Tanong:**<br>Paano napapanatili ng pagkabukas-palad ang kaayusan ng ugnayan ng tao sa sarili at sa kapuwa?<br> | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Kung Ikaw Sila...**<br><br>Tingnan nang mabuti ang mga ilustrasyon. Kung ikaw ang nilalang na maaapektuhan ng mga gawaing ito, ano ang iyong sasabihin sa mga gumagawa nito? Ilagay ang iyong sagot sa *speech bubble*. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br><br>**Mga Tanong:** | Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng limang minuto para sa gawaing ito.<br><br>*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:*<br>• Maaaring gamitin ng guro ang mga larawan na nasa link:<br>○ Unang bilang: |

1. Paano mo ilalarawan ang mga gawaing ito?
2. Sa iyong palagay, ano ang nararamdaman o nararanasan ng mga nilalang na ito?
3. Ano ang maaari mong gawin upang maiwasan ang gawaing ito?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Iayos ang mga ipapaskil na salita upang mabuo ang depinisyon. Batay sa nabuong depinisyon, hulaan ang salitang tinutukoy nito. Sa pagsagot, magbigay ng 3 bagay na naglalarawan sa salita bago sabihin ang salita at sa bawat paglalarawan ay sisimulan ito gamit ang mga salitang *"I believe…"* Ang bawat makukuhang tamang sagot ay may katumbas na puntos.

Halimbawa:
Ang salitang pinahuhulaan ay 'Kapaligiran'
"*I believe* ito ay tungkol sa mga bagay sa paligid."
"*I believe* ito ay dapat natin pangalagaan."
"*I believe* ito ay mahalaga sa lahat ng may buhay."
"*I believe* ito ay Kapaligiran"







**Paghawan ng Bokabolaryo**
Kung mayroong *cellphone* at *internet connection* ang mga mag-aaral, maaaring gamitin ng guro ang *link* na ito para sa gawaing ito.
https://wordwall.net/resource/72963920
Kung ang mag-aaral ay nahihirapan sa tagalog, maaaring tanggapin ang mga sagot sa Ingles.

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>**Mga salita at depinisyon:**<br>1. *Endangered species* - ito ay ang mga hayop at halaman na nanganganib nang maubos.<br>• *Clue:* dalawang salita; Ingles<br><br>2. Pagkalipol o *extinction* - ito ay ang tuluyang pagkaubos o pagkawala ng mga nilalang o bagay sa mundo.<br>• *Clue:* isang salita; tagalog; katunog ng nalipon<br><br>• Panahanan o *habitat* - ito ay ang likas na pinagkukunan ng mga hayop, halaman, at iba pang nilalang upang mabuhay.<br>• *Clue:* isang salita; Tagalog; katunog ng tahanan<br><br>3. *Conservation* - ito ay ang pangangalaga at pagprotekta sa mga hayop at halaman (o *species*) upang mapanatili ang kanilang buhay.<br>• *Clue:* isang salita; Ingles<br><br>4. Saribuhay o *biodiversity* - ito ay ang iba-ibang nilalang na may buhay sa mundo.<br>• *Clue:* isang salita; Tagalog; ito ay katumbas ng sari-saring buhay | Ang guro ang magtalaga ng karampatang puntos sa mga salita. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Wastong Pagtugon ng mga Mamamayan sa mga Nanganganib na Maubos na Hayop at Halaman *(endangered species)*** <br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Kahalagahan ng Panahanan *(Habitat)* Bilang Daluyan ng Buhay** | |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang mundo ay tahanan sa napakaraming buhay ito man ay gumagalaw o hindi. Ang ating kapaligiran ay nagbibigay ng ating mga kailangan tulad ng pagkain, tirahan, at ilan pang mahahalagang kagamitan. Ang ating panahanan ay nagsisilbing lunsaran ng pamumuhay ng lahat ng nilalang maging tao, hayop, at halaman. Ipinapakita nito sa atin ang ugnayan ng lahat ng may buhay.<br><br>Sa kabila ng kaalamang ito at sa mga pagbabago sa ating paligid, hindi pa rin napipigilan ang pagmamalabis na nagdudulot ng patuloy na pagkasira ng maraming panahanan. Ang mga pagkasirang ito ay nagdudulot ng pagkaubos sa mga ilang mga hayop at halaman.<br><br>Tulad ng tahanan ng mga tao, ang mga hayop at halaman ay may panahanan kung saan sila umuusbong, nagsisimula, namumuhay, at lumalago. Kung ang mga ito ay patuloy na masisisra dahil sa patuloy na pagbabago sa ating kapaligiran at pagmamalabis ng mga tao, maaaring maapektuhan nito ang buhay ng mga hayop at halaman na posibleng maging dahilan ng tuluyan nilang pagkawala sa mundo o ang tinatawag na *extinction.*<br>Ang pangangalaga sa likas na panahanan ay makakatulong upang magkaroon ng malusog na kapaligiran upang mabuhay hindi lang ang tao, pati na rin ang mga hayop at halaman (Sulahian & McParland, 2021).<br><br>**Pagtugon sa mga Nanganganib na Maubos na Hayop at Halaman *(endangered species)***<br>Bilang tao, responsibilidad natin ang pangalagaan ang buhay ng mga hayop at halaman dahil bahagi sila ng ating kapaligiran. Narito ang ilan sa mga paraan upang sila ay maprotektahan mula sa Endangered Species Coalition (2020):<br><br>1. <u>Maging maalam sa mga nanganganib na hayop at halaman sa lugar.</u> Magsaliksik at alamin ang estado ng mga hayop at halaman sa lugar na likas na namumuhay o tumutubo rito. Sa ganitong paraan, malalaman din ang kanilang panahanan at protektahan ito.<br><br>2. <u>Bumisita sa mga *wildlife parks or conservation areas.*</u> Maging pamilyar sa mga hayop at halaman na likas na nabubuhay sa bansa at dito lang makikita. Sa ganitong paraan, makakatuklas pa ng mga paraan upang sila ay pangalagaan. | **Pagtugon sa mga Nanganganib na Maubos na Hayop at Halaman**<br>Maaaring ipapanood ng guro ang bidyo bilang pantulong sa talakayin. Ito ay tungkol sa mga lalaki nang-maltrato ng mga tarsier na maituturing na endangered species na sa Pilipinas.<br>https://www.youtube.com/watch?v=PhhSC3hQaI8 |

3. <u>Mag-*recycle* at gumamit ng mga produkto na hindi nakakasira sa kapaligiran.</u> Maging maingat sa mga produktong binibili. Alamin kung ang mga ito ba ay nakakasama sa mga hayop at halaman. Iwasan din ang pangangalaga at pagtatanim ng mga *invasive* na hayop at halaman upang hindi mabago at makasama sa *ecosystem.*

4. <u>Huwag bibili ng mga produkto na gawa o galing sa mga nanganganib na maubos na mga hayop at halaman.</u> Maaaring kaakit-akit tingnan ang mga ito at kakaiba, nagdudulot ito ng pagkaubos ng mga hayop at halaman.

5. <u>Huwag manghuli o bumili ng mga nanganganib na maubos na mga hayop at halaman.</u> Ang pagbebenta ng mga ito bilang negosyo ay labag sa batas at ang labis na paghuli sa kanila ay nakakasama sa buhay at kalagayan ng ating *ecosystem.*

6. <u>Protektahan ang panahanan ng mga nanganganib na maubos na mga hayop at halaman.</u> Alamin ang mga protektadong panahanan sa bansa o inyong lugar. Maging bahagi ng mga pagkilos sa pagpapanatili ng mga buhay na naroon.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Pagsusuri ng Bidyo**

Panoorin ang maikling bidyo. Maglista ng mga gawaing makikita sa bidyo na nagpapakita ng mga gawaing nakakaapekto sa panahanan.




Cutts, S. (2020). *The Turning Point* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=p7LDk4D3Q3U

**Pagsusuri ng Bidyo**
Gawin itong isang malayang talakayan para sa buong klase. Isa-isang sagutin at talakayin ang mga gabay na tanong.

Maaaring tumawag ang guro ng iilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga inilistang gawain depende sa oras na nakalaan para sa gawaing ito.

**Mga Tanong**


1. Ano ang iyong naramdaman habang pinapanood ang bidyo? Bakit ito ang iyong nadarama?
2. Batay sa pinanood, alin sa iyong mga nailista ang may malaking ambag sa pagkasira ng mga panahanan?
3. Ano sa iyong palagay ang mangyayari sa mundo kung walang hayop at halaman?
4. Ano sa iyong palagay ang mangyayari kung ang mga ito ay nangyayari sa tao?
5. Kung ikaw ay may isang mahalagang bagay na natutuhan mula sa bidyo, ano ito?
6. Paano ka makatutulong upang mapigilan ang patuloy na pagkasira ng mga panahanan?

**IKALAWANG ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Tahanan Bilang Panahanan**

Ipagpalagay na ang tahanan na ito ay isang panahanan ng mga hayop at halaman. Buoin ang pundasyon ng panahanan na ito sa pagsagot sa mga tanong sa bawat bahagi. Gawin ito sa sagutang papel.




**Tahanan Bilang Panahanan**
Kung may sapat na oras pa, maaaring gamitin ng guro ang mga bidyo ni Celine Murillo upang maging halimbawa ng paggamit ng *social media* upang ipakilala at mapangalagaan ang ating mga hayop at halaman.
https://www.tiktok.com/@celinemurillo_

| | | |
|---|---|---|
| | Mga gabay na tanong sa pagsasagawa ng gawain.:<br>1. Loob ng bahay - Paano mo mailalarawan ang panahanan ng mga hayop at halaman?<br>2. Pader - Ano ang magagawa ng tao upang mapanatili ang kanilang buhay?<br>3. Bubong - Paano dapat tinutugunan ang mga hamon na kinakaharap ng mga hayop at halaman?<br>4. Bintana - Sino ang mga inaasahang mangunguna sa pangangalaga sa kanila?<br>5. Sahig - Ano ang mga banta na kinakaharap ng mga hayop at halaman?<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang isang malusog na panahanan? Ilarawan.<br>2. Ano ang pangunahing tungkulin ng tao upang mapangalagaan ang panahanan ng mga hayop at halaman?<br>3. Paano mo hihikayatin ang iyong mga kaibigan o kaklase na pangalagaan ang tirahan ng mga hayop at halaman?<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasakilos ng mga Wastong Pagtugon ng Mamamayan sa mga Nanganganib na Maubos na Hayop at Halaman *(endangered species)***<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang Pilipinas ay isa tahanan at likas na panahanan sa maraming hayop at halaman sa mundo. Mayroon 700 na nanganganib na maubos na hayop at halaman (FutureLearn, 2022) at humigit sa 90 sa mga ito ay sa Pilipinas lamang makikita (Kittelberger, et. al., 2021).<br><br>Ang mga gawain ng tao ang may pinakamalaking ambag sa dahilan ng mga nanganganib na maubos na hayop at halaman. Kung ito ay magpapatuloy, mawawalan ng balanse ang *ecosystem* na maaaring magdulot ng hindi maganda sa lahat ng nilalang. Kung kaya mahalaga ang mga pagkilos na tumutugon sa suliranin na ito upang maiwasan ang tuluyan nilang pagkaubos.<br><br>**Mga Pagkilos Bilang Tugon sa mga Nanganganib na Maubos na Hayop at Halaman (endangered species) sa Bansa**<br>May mga bahagi sa ating bansa ang mayroon mga *conservation area* upang pangalagaan at maprotektahan ang mga nanganganib na maubos na hayop at halaman. Ang mga ito ay naglalayon na panatilihin ang natural na kondisyon ng lugar at kanilang panahanan upang magpatuloy ang kanilang buhay dito. | |


| | | |
|---|---|---|
| | Ang Pilipinas ay may batas na *Republic Act 9147* o ang *Wildlife Resources Conservation Act*, na naglalayong pangalagaan at bigyang proteksiyon ang *wildlife* sa bansa at ang *habitat* ng mga ito. Ang batas na ito ang nag-udyok sa mga pagsasakilos ng mga proyekto at gawain upang mapangalagaan at mapanatili ang buhay ng mga nanganganib na maubos na halaman at hayop sa bansa. Naging batayan din ito ng mga pagtatatag ng mga *conservation areas* at *centers* sa bansa. Dahil dito ang paggawa ng mga gawaing magdudulot ng hindi maganda sa mga hayop at halaman at mga panahanan ay isang paglabag sa batas.<br><br>Isa sa mga kilalang *conservation area* ay ang Masungi Georeserve sa Rizal, kung saan ay naging tahanan ng 400 na uri ng hayop, insekto, at halaman. Subalit ito ay kasalukuyang humaharap sa ilang pagsubok.<br><br>Narito ang ilan pang mga proyekto sa bansa naglalayong pangalagaan ang mga nanganganib na maubos na hayop at halaman:<br><br>1. Protect Wildlife Project: Ito ay proyekto sa tulong ng *Conservation International,* USAID, at ibang organisasyon upang masupil ang mga hamon sa saribuhay o *biodiversity.*<br><br>2. Philippine Eagle Foundation: Kasama ang iba't ibang samahan, layon nito na protektahan at pangalagaan ang mga nanganganib na maubos na *Philippine eagles* o Haribon (Haring Ibon).<br><br>3. Mts. Iglit-Baco National Park: Ito ay itinalaga bilang santuwaryo ng mga tamaraw sa bansa.<br><br>4. Mabuwaya Foundation: Ito ay may layunin na pangalagaan ang mga Philippine *crocodiles* sa hilagang Luzon.<br><br>5. World Wide Fund (WFF) Philippines: Layon ng samahan na ito na bigyan seguridad ang kaligtasan ng mga nanganganib na maubos na hayop at halaman sa bansa.<br><br>6. Greenpeace Philippines: Ito ay nagtatalaga ng mga paraan upang mapangalagaan ang mga lupain, hayop at halaman, at iba pang yaman ng bansa laban sa mga panganib dito. | |

Tandaan na ang bawat nilalang ay may kaniya-kaniyang gampanin sa pagpapanatili ng buhay sa mundo. Kung mawawala ang isa sa mga ito, maaari itong magdulot ng pagkawala rin ng iba, dahil ang kanilang buhay ay konektado sa isa't isa na siya namang konektado rin sa lahat.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Dekalogo Para sa Hayop at Halaman**

Ang Dekalogo ay nangangahulugang Sampung Utos. Kung ikaw ay bibigyan ng kapangyarihan na magpatupad ng sampung utos upang mapangalagaan ang mga nanganganib na maubos na mga hayop at halaman, ano ang lalamanin nito? Gawin ito sa sagutang papel.



**Mga Tanong**


1. Ano ang iyong naging batayan sa paggawa ng dekalogo?
2. Kung bibigyan mo ng titulo ang iyong dekalogo, ano ang ibibigay mo? Bakit?
3. Paano mo ito ibabahagi sa iyong kapuwa at hihikayatin silang sundin ang mga ito?

**Dekalogo Para sa Hayop at Halaman**

Maaaring magbigay ang guro ng sampung minuto sa mga mag-aaral para sa gawaing ito.

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Linangin Natin…**<br><br>Ang klase ay lalabas ng silid-aralan upang magmasid sa kapaligiran ng paaralan. Sa pag-iikot at pagmamasid ay magsulat ng mga lugar sa paaralan na kailangan pang linangin at suhestiyon kung paano ito gagawin upang mabigyan ng maayos na panahanan ang mga hayop at halaman dito. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong. Ang klase ay bibigyan ng 20 hanggang 30 minuto upang matapos ito. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br>(see table below)<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Sa naging gawain, ano ang iyong natutuhan tungkol sa inyong paaralan? | **Linangin Natin…**<br>Siguraduhin ng guro na maging mahigpit sa oras na ibinigay at ang mga mag-aaral ay namo-*monitor*.<br>Maaaring i-ugnay ng guro ang lubos na pag-init ng temperatura sa mundo lalo sa panahon ng El Nino. Maaaring bigyang diin sa bilang dalawa ang kahalagahan ng mga puno bilang tahanan ng maraming hayop at insekto at bahagi ng *habitat* at ang mga *green spaces* para sa mga tao at hayop. Kung wala ang mga puno at *green spaces* ay maaari itong magdulot ng malaking kontribusyon sa tuluyang pagkawala ng mga nanganganib na maubos na mga hayop at halaman. |

| **Lugar sa paaralan** | **Mga napansin sa lugar** | **Suhestiyon kung paano ito mapapabuti** |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Sa iyong palagay, ano ang pangunahing nagiging dahilan ng pagkaubos ng mga hayop at halaman?<br>3. Kung ikaw ay bibigyan ng isang pagkakataon na baguhin ang mundo, ano ang iyong gagawin upang maiwasan ang pagkaubos ng mga hayop at halaman? | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Ugnay-Buhay**<br>Gamit ang *venn diagram*, tukuyin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga hayop at halaman at tao. Gamitin ang mga gabay na tanong sa pagsagot. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br>Mga gabay na tanong sa pagsasagawa ng gawain:<br>1. Ano ang kailangan upang mabuhay?<br>2. Ano ang kontribusyon nila sa mundo?<br>3. Ano ang mga hamon sa kanilang buhay?<br>4. Ano ang kanilang mga ginagawa upang mabuhay?<br><br><br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang iyong napagtanto sa naging gawain? ang mga kaibahan at pagkakatulad?<br>2. Sa iyong palagay, may nakalalamang ba sa mga ito? Paano? | Maaaring mabigay ang guro ng sampung minuto sa mga mag-aaral para sa gawaing ito.<br><br>Sikapin ng guro na mapalabas ang linilinang na pagpapahalaga gamit ang mga tanong, partikular ang ikatlo, ikaapat, at ikalimang tanong. |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ano ang iyong responsibilidad bilang tao sa nanganganib na maubos na hayop at halaman?<br>4. Bakit mahalaga na sila ay pangalagaan at protektahan?<br>5. Paano mo ibabahagi sa mga nakababata sa iyo ang kahalagahan na ito?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Batay sa naging aralin, magbigay ng tatlong bagay na natutuhan tungkol sa sarili, dalawang bagay na iyong ibabahagi sa iyong kapuwa, at isang bagay na iyong gagawin tungkol sa aralin. Gawin ito sa sagutang papel. | **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Maaaring magbigay ang guro ng limang minuto sa mga mag-aaral para sa gawaing ito. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Basahing mabuti ang tanong sa bawat aytem. Piliin ang pinaka-angkop na sagot at isulat ito sa patlang bago ang numero.<br><br>_____1. Alin sa mga pahayag na ito ang hindi lubos na naglalarawan sa kahalagahan ng panahanan?<br>a. Ito ay nilikha para matugunan ang pangangailangan ng tao na siyang tagapangalaga sa lahat ng mga nilalang.<br>b. Ito ay pinagkukunan ng buhay ng mga tao, hayop, at halaman.<br>c. Ito ay nagsisilbing daluyan ng pamumuhay ng lahat ng nilalang.<br>d. Ito ay marapat na pangalagaan upang magkaroon ng malusog na kapaligiran.<br><br>_____2. Alin sa mga sumusunod ang maaaring gawin upang mapangalagaan ang mga nanganganib na maubos na hayop at halaman sa simpleng paraan?<br>a. Bumisita sa mga *wildlife centers.* | Maaaring magbigay ang guro ng limang minuto para sa maikling pagsusulit.<br><br>Mga susing kasagutan:<br><br>1. A<br>2. D<br>3. C<br>4. D<br>5. D |

| | | |
|---|---|---|
| | b. Hindi pagbili ng mga produkto na gawa sa mga hayop at halaman.<br>c. Magsaliksik sa kalagayan ng mga nanganganib na hayop at halaman.<br>d. Lahat ng nabanggit.<br><br>____3. Ito ay ang maaaring kahinatnan ng mga nanganganib maubos na hayop at halaman kung hindi mapapangalagaan. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy ng pangungusap?<br>a. *Endangered species*<br>b. *Preserved species*<br>c. *Extinct species*<br>d. *Habitat loss*<br><br>_____4. Ang Pilipinas ay nagtalaga ng batas na RA 9147. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa gampanin ng batas na ito?<br>a. Batas na tumutukoy sa mga nangangnib na maubos na hayop at halaman.<br>b. Batas na nagtatalaga ng mga *wildlife at conservation centers* sa bansa.<br>c. Batas na nagpaparusa sa mga umaabuso sa kalikasan.<br>d. Batas na nangangalaga sa mga *wildlife* at *habitat.*<br><br>_____5. Alin sa mga sumusunod na tugon sa mga nanganganib na maubos na hayop at halaman ang higit na inaasahan mula sa mga tao?<br>a. Alamin ang kanilang mga karapatan at pangangailangan upang mabuhay.<br>b. Makibahagi sa mga pagtangkilik at pag-aari ng mga ito.<br>c. Hikayatin ang kapuwa na makilahok sa mga programa na nagpapahalaga sa hayop at halaman.<br>d. Tukuyin ang mga nilalang at panahanan sa lugar at linangin ang mga ito.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>Magsaliksik at maging bahagi ng ilang gawain na tumutulong upang mapangalagaan at mapanatili ang malusog na panahanan para sa mga hayop at halaman. Maaaring ito ay personal o gamit ang *social media or online applications.* Tignan ang mga halimbawa. I-dokumento ito sa isang papel na maglalaman ng larawan bilang patunay at tala ng naging karanasan.<br><br>Mga halimbawa: | **Gawaing Pantahanan**<br>Maaaring pumili ang guro ng tatlo hanggang limang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang takdang-aralin sa susunod na pagkikita. |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">1. One Print, One Tree ng Canva. https://www.canva.com/one-print-one-tree/<br>2. Ecosia. https://www.ecosia.org/?c=en</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u></td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |